**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-23 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE ............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco ............... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas .............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 039-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET (1998) NG BARANGAY SAN JUAN NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANDAAN LABI[redacted]G LIBO WALUNDAAN ANIMNAPU'T TATLONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (P517,863.30).

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay San Juan na nagkakahalaga ng P517,863.30 at ito ay naayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito:

SAPAGKA'T, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Barangay San Juan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang taunang badyet (1998) ng Barangay San Juan na nagkakahalaga ng P517,863.30.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 039-T'98)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

3/11/98
NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

S/Bautista
ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan